


ACTIVITY

- A. Sina Jonathan at David ay naging matalik na magkaibigan. Upang ipakita ni Jonathan ang kanyang pag-ibig sa kaibigan, ibinigay niya ang ilan niyang kagamitan. Iguhit at kulayan ang mga bagay na binigay ni Jonathan kay David.



- B. Lagyan ng check ✓ ang salungguhit kung ang tama ang pangyayari at ✗ kung mali.
- _____ 1. Si David ay mahilig tumugtog ng gitara at mag-alaga ng mga tupa ng kanyang ama.
 - _____ 2. Tumira si David sa palasyo kasama nila Haring Saul at Jonathan.
 - _____ 3. Sumumpa si Jonathan kay David na sila ay magiging magkaibigan habang buhay.
 - _____ 4. Dahil naging kaibigan na ni David ang prinsiphe, hindi na niya kailangan maglingkod kay Haring Saul.
 - _____ 5. Nais ni Haring Saul na patayin si David bunga ng kanyang pagkainggit dito.

- _____6. Mahal ni Jonathan ang kanyang ama ngunit hindi siya sang-ayon sa nais niyang gawin kay David.
- _____7. Pinaalala ni Jonathan sa kanyang ama ang mga mabuting ginawa ni David upang lalo itong magalit kay David.
- _____8. Patuloy na prinotektahan ni Jonathan si David hanggang sa sila ay nagkahiwalay.
- _____9. Masayang naghiwalay sina Jonathan at David.
- _____10. Nalungkot ng husto si David nang malaman niyang namatay si Jonathan sa labanan.

Sina David at Jonathan ay isang mabuting halimbawa ng kahalagahan ng pagkakaroon ng tunay na pagkakaibigan. Sa kabila ng kanilang pagkakaiba ng katayuan sa buhay at sa mga hamon na kanilang kinaharap, nanatiling tapat at sumusuporta sina David at Jonathan sa isa't isa. Ipinakita nila ang halaga ng pagkakaroon ng mga tunay na kaibigan na naninindigan sa tama at maaasahan sa hirap at ginhawa.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

"Kambal!" Ito ang madalas na sinisigaw ng mga kaeskwela o kapitbahay sa magkaibigang Lily at Ava. Hindi sila magkapatid, ni magkadugo ngunit para silang kambal sapagkat simula nang sila ay naging magkaibigan ay hindi na sila mapaghiwalay. Pareho silang siyam na taong gulang, mabait at masiyahing mga bata.

Bukod sa pagiging masiyahin, si Lily ay may malikhaing imahinasyon, palaging handang humarap sa mga bagong adventure. Si Ava naman ay mahinahon at maawain, na may kakayahan na makiramay sa mga nangangailangan. Kahit may mga pagkakaiba sila, ang kanilang pagkakaibigan ay matibay na tulad ng puno ng oak na tumataas sa kanilang bakuran.

Ang kanilang pagkakaibigan ay umusbong mula nang sila'y magkakilala sa kindergarten. Nagkaugnayan sila sa pamamagitan ng mga pinagsasaluhan na interes tulad ng pag-akyat sa mga puno, pagkolekta ng mga bato, at paghabol sa mga paru-paro na lumilipad. Ginugol nila ang maraming hapon sa pagtatawanan at paglalaro, ang kanilang tawa ay naririnig sa buong lugar na parang musika.

Ngunit ang kanilang pagkakaibigan ay sinubok nang humarap ang pamilya ni Lily sa isang matinding pagsubok. Nawalan ng trabaho ang kanyang ama, at naging mahirap ang pera. Si Lily ay nangangamba at hindi sigurado sa hinaharap. Nahalata ni Ava ang lungkot ng kanyang kaibigan, kaya't naglaan siya ng suporta at kalinga.

Gumugol si Ava ng maraming oras kasama si Lily, nakinig sa kanyang mga alalahanin at patuloy na pinalakas ang loob nito. Sa eskwela ibinabahagi niya ang kanyang mga gamit at pagkain, upang matulungan si Lily sa mga panahon na wala siyang gamit o baon.

Habang patuloy ang pagharap ng pamilya ni Lily sa hamon ng buhay, nanatili si Ava sa tabi ni Lily, nag-aalok ng kanyang matatag na pakikipagkaibigan at suporta.

Ang pagkakaibigan nina Lily at Ava ay nanatiling matatag kahit sa oras ng kahirapan at pagsubok. Ang kanilang samahan ay hindi naputol, isang liwanag ng pag-ibig, katapatan, at kahabagan ang makikita dito.

At habang sila ay lumalaki, lumalakas lamang ang kanilang pagkakaibigan. Magkasama nilang hinarap ang mga hamon ng buhay ng may tapang at pananalig, na alam na hangga't sila ay magkasama, kaya nilang lampasan ang anumang bagay.

Mga Tanong:

1. Anong uri ng pagkakaibigan mayroon sila Lily at Ava?

2. Paano pinakita ni Ava ang kanyang katapatan kay Lily?

3. Anong uri ng pagkakaibigan ang pareho kila Lily at Ava, at David at Jonathan?

4. Ano ang magandang katangian nila ang nais mong magkaroon?

5. Paano mo mapapakita na tapat ka sa iyong kaibigan?

Sina Lily at Ava ay magandang halimbawa ng tunay na pagkakaibigan. Makikita ang tamang paraan ng pagiging tapat at paglaan ng suporta sa isang kaibigan ano man ang sitwasyon. Ang mga batang tulad natin ay dapat na maging tapat na kaibigan at handang maglaan ng suporta sa ating mga kaibigan lalo na sa panahon na may hinaharap silang pagsubok o paghihirap sa buhay.



D. Memory Verse

Ang kaibigan ay nagmamahal sa lahat ng panahon, at sa oras ng kagipita'y kapatid na tumutulong. **Mga Kawikaan 17:17**

